

Nawawalan ng Medicaid • CHIP?

Galugarin ang iba mong opsiyon sa pag-aalaga ng kalusugan



Nagsusuri ang mga estado bawat taon upang malaman kung ang mga taong may Medicaid o CHIP ay kuwalipikado pa rin para sa saklaw. Kung sasabihin sa iyo ng iyong estado na nawalan ka o maaaring mawalan sa lalong madaling panahon ang saklaw ng kalusugan sa pamamagitan ng Medicaid o CHIP, mayroon kang iba pang mga opsiyon sa pangangalagang pangkalusugan. Narito ang ilang mahahalagang bagay na dapat malaman:

1. Maaari kang muling mag-apply para sa Medicaid o CHIP para malaman kung kuwalipikado ka pa rin.

- Sa lahat ng estado, ang Medicaid at CHIP ay nag-aalok ng saklaw sa kalusugan sa ilang mga mababang kita na mga tao, mga pamilya at mga bata, mga buntis na kababaihan, mga matatanda, at mga taong may mga kapansanan. Kung magbago ang antas ng iyong kita o mga medikal na pangangailangan, maaari kang maging kuwalipikado para sa Medicaid o CHIP sa iyong estado.
- Maaari kang mag-apply anumang oras, at walang limitasyon sa bilang ng beses na maaari kang mag-apply.
- Para muling mag-apply para sa Medicaid o CHIP, pumunta sa [Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu](https://www.medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu) at hanapin ang estado mo para sa mga susunod na hakbang.

2. Maaari kang makakuha ng murang, kalidad na pangkalusugang saklaw sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace®.

- Karamihan ng mga tao ay makakahanap ng plano para sa \$10 o mas mababa bawat buwan na may tulong pinansiyal.
 - Nasasaklawan ng lahat ng mga plano ang mga pagbisita sa doktor, mga de-resetang gamot, pang-emerhensiyang pangangalaga, kalusugan sa pag-iisip, at marami pa.
 - Pumunta sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) para makahanap at mag-enroll sa isang planong pangkalusugan, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-855-889-4325.
- Kapag nawalan ka ng Medicaid o CHIP sa pagitan ng Marso 31, 2023 at Nobyembre 30, 2024, maaari kang mag-apply anumang oras sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) o sa pagtawag sa Marketplace Call Center. May 60 araw ka makalipas niyan para pumili ng plano.
- Magsumite ng bago o updated na aplikasyon sa Marketplace para malaman kung ikaw (o sinumang iba pa sa inyong sambayanan) ay kuwalipikadong mag-enroll sa isang plano sa Marketplace at makakuha ng tulong sa mga gastos.

3. Maaari kang makapagpatala para sa Medicare nang hindi nagbabayad ng multa sa naantalang pag-enroll.

- Kung kuwalipikado ka na ngayon para sa Medicare, ngunit hindi nagpatala up para dito noong una kang naging nararapat, mayroon kang limitadong oras (tinatawag na “Espesyal na Panahon ng Pagpapatala”) upang magpatala nang hindi nagbabayad ng karaniwang multa.
- Ang iyong Espesyal na Panahon ng Pagpapatala ay magsisimula sa araw na ipaalam sa iyo ng iyong estado na ang iyong saklaw ng Medicaid ay magtatapos, at magpapatuloy sa loob ng 6 na buwan pagkatapos magwakas ang iyong saklaw ng Medicaid.
- Upang magpatala para sa Medicare sa panahon ng Espesyal na Panahon ng Pagpapatala na ito, punan ang isang [CMS-10797 na form](https://www.cms.gov/medicare/medicare-eligibility/medicare-enrollment) at i-mail o i-fax ito sa iyong lokal na [tanggapan ng Social Security](https://www.ssa.gov). Maaari ka ring tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-800-325-0778.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang [Medicare.gov](https://www.medicare.gov) o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

4. Maaari kang makipag-usap sa iyong employer tungkol sa anumang mga opsiyon sa pangangalagang pangkalusugan na iniaalok ng iyong kumpanya

- Ang kawani ng human resources ng iyong kumpanya ay dapat magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga available na opsiyon sa pagsaklaw sa kalusugan, kabilang ang mga premium na halaga at mga benepisyo ng plano.
- Ang pagkawala ng Medicaid o CHIP ay isang “Qualifying Life Event,” na nangangahulugang maaari kang mag-enroll sa isang plano ng employer sa labas ng Open Enrollment.

Kailangan pa ng tulong?

Bisitahin ang [LocalHelp.HealthCare.gov](https://www.localhelp.healthcare.gov) upang makakuha ng tulong mula sa isang tao sa iyong lugar. Ang serbisyong ito ay libre at makakatulong sa iyo na mas maunawaan ang iyong mga opsiyon sa pangangalagang pangkalusugan.

